

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 16, 2020

Pakikipag-ugnay: Susan Jones, Manager ng Main Library Services, Pampublikong Aklatan ng Long Beach, 562.570.6608, Susan.Jones@lbpl.org

Para sa Agarang Pahayag

Ang Pampublikong Aklatan ay Naglulunsad ng Tinedyer na Programa sa Tag-init

‘Gumawa.Lumikha.Magdisenyo’ nagtuturo sa mga tinedyer na Magdisenyo at Lumikha ng kanilang sariling Video Game

Long Beach, CA - Simula Hunyo 30, ang mga ika-7 hanggang 12th grader ay maaaring matutong magdisenyo at lumikha ng kanilang sariling video game sa pamamagitan ng taunang tinedyer na programa sa tag-init ng Pampublikong Aklatang ng Long Beach (LBPL, inisyal sa Ingles), “Gumawa.Lumikha.Magdisenyo.” Ang anim na linggong virtual na kurso ay nagtatampok ng mga aktibidad na magpapakilala sa mga participante sa mahahalagang mga kasanayan sa karera sa industriya ng video game, isa sa pinakamabilis na lumalagong industriya sa Southern California.

“Ang mga tinedyer ay magkakaroon ng virtual na espasyo upang maipahayag ang kanilang pagkamalikhain sa pamamagitan ng aming pampublikong programa sa aklatan ngayong tag-init,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang programa ngayong taon, Make.Create.Design ay nagtuturo ng lahat mula pagpoprograma ng video game hanggang tunog, at sining - at libre para sa lahat.”

Ang “Gumawa.Lumikha.Magdisenyo” ay tatakbo mula Hunyo 30 hanggang Agosto 6, kasama ang mga virtual na workshop na gaganapin tuwing Martes at Huwebes mula 2 p.m. hanggang 4 p.m. Pinangungunahan ng Mga Gabay sa Studio mula sa makerspace ng LBPL, ang mga estudyante ay maaaring gumawa ng kanilang sariling mga laro mula sa simula sa pamamagitan mga workshop sa pagsasalaysay, programming, visual art, at disenyo ng tunog. Ang mga workshop ay idinisenyo para sa mga mag-aaral sa ika-7 hanggang ika-12 na grado at lahat ng mga participante ay kailangang mayroong library kard.

“Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay nakatuon sa pagpapatuloy ng paggawa ng malikhain at praktikal na rekurso para sa aming mga patron, lalo na sa pamamagitan ng aming Studio makerspaces,” sabi ni Glenda Williams, Direktor ng mga Sebisyong Aklatan. “Ang Gumawa.Lumikha.Magdisenyo ay isang masaya at edukasyonal na tradisyon sa tag-init para sa ating mga tinedyer, at ang aming mga tauhan ay

nagsusumikap upang makabuo ng isang virtual na programa na parehong naa-access at nakakapanabik.”

Upang magparehistro para sa mga libreng workshop, bisitahin ang “Learning tab” sa [LBPL website](#). Ang mga indibidwal na wala nang library kard ay maaaring mag-aplay para sa isang libreng kard sa [website](#) ng aklatan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa, maaaring kontakin ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach sa 562.570.7500 mula 10 a.m. hanggang 5 p.m. Martes hanggang Sabado. Ang taunang programa sa tag-init ay suportado ng [Long Beach Public Library Foundation](#).

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

Tungkol sa Pampublikong Aklatan ng Long Beach

Ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach, na itinatag noong 1896, ay naglilingkod sa magkakaibang urbanong lungsod na malapit sa kalahating milyong tao. Ang sistema ng Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay kinabibilangan ng Billie Jean King Main Library at labing-isang aklatan sa kapitbahayan at isang masiglang online na presensya. Noong tag-init ng 2017, ang Pampublikong Aklatan ng Long Beach ay ginawaran ng National Medal para sa Serbisyo sa Aklatan at Museo bilang pagkilala sa matagumpay na pakikipagtulungan sa komunidad, makabagong STEM (Siyensiya, Teknolohiya, Engineering, at Matematika) at mga programang nakatuon sa literatura sa mga residente ng Long Beach. Na mayroon ding pag-diin sa pagbibigay ng libre at pantay na pag-access sa impormasyon at suporta para sa pag-aaral ng habang buhay, ang Aklatan ay nag-aalok ng mga libro, media, database, pag-access sa internet, mga

Sentro ng Pag-aaral Pangpamilya, makerspaces, at iba't ibang mga kaganapan mula oras ng kuwentuhan hanggang sa mga programang pangkultura.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa www.lbpl.org, "I-Like" ang Long Beach Public Library sa [Facebook](#), at sundan sa [Twitter](#) at [Instagram](#).

###